




## Para sa oras ng kagipitan



- Para sa aksidente sa trapiko o krimen... **Tumawag sa ☎110 (pulis).**
- Sa oras ng sunog, o para tumawag ng ambulansya dahil sa malubhang karamdaman o pagkasugat... **Tumawag sa ☎119 (bomber).**
  - ① Sabihin kung ano ang nangyari (Krimen, Aksidente, Sunog, Ambulansya)
  - ② Lugar na kinaroroonan (Sabihin ang mga paaralan, pagamutan, bangko atbp na malapit sa kinaroroonan)
  - ③ Detalyadong sitwasyon (Walang malay ang XXX, nasusunog ang XXX, atbp)
  - ④ Sariling pangalan at numero ng telepono
- Ang City ay nagbibigay ng babala o impormasyon sa bawat distrito kapag nagkaroon o maaaring magkakaroon ng sunog o anumang kalamidad, gamit ang Disaster Prevention Administrative Radio.

[Wikang Hapon tungkol sa kalamidad]

地震 (jishin)	Lindol [Yumanig ang lupa]
震度 (shindo)	Seismic Intensity [Lakas ng pagyanig ng lindol na ipakita gamit ang numero]
台風 (taifu)	Bagyo [Tropical cyclone na nagkakaroon na may kasamang malakas na ulan at hangin na dumarating mula summer - autumn]
暴風雨 (bofuu)	Rain storm [Malakas na ulan at hangin]
がけ崩れ (gakekuzure)	Landslide [Pagguho ng lupa sa talibis na lugar dahil sa lindol o ulan]
警報 (keiho)	Warning [Babala na "Talagang delikado" (halimbawa, Oame Keiho / Heavy-rain Warning)]
注意報 (chuiho)	Advisory [Babala na "Delikado" (tulad ng Ooame Chuiho / Heavy-rain Advisory)]
洪水 (kozui)	Baha [Umulan ng marami at bumaha ang ilog atbp]
危険箇所 (kikenkasho)	Delikadong lugar [Lugar na "delikado"]
立ち入り禁止 (tachiirikinshi)	Bawal pumasok [Instruksyon na bawal pumasok]

- Mga kailangang dalhin sa pagamutan kapag magpagamot
  - Health Insurance Card (Dalhin din ang mga Receiver's Certificate, Medical Support Benefit Card kung mayroon)
  - Pambayad sa pagpapagamot
- Kung biglang nagkasakit sa gabi o holiday
  - ① Ang departamento ng bumbero ng Namegata ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa mga pagamutan sa gabi o holiday. ☎0291-35-0119
  - ② Ang Emergency Medical Information Control Center ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa pagamutan. ☎029-241-4199
  - ③ Kung biglang nagkasakit ang bata, maaaring tumawag sa Emergency Medical Consultation para sa mga bata.
    - "Konsultasyon pang-emerhensya para sa mga bata sa Ibaraki sa telepono"  
Oras ng konsultasyon: Araw-araw/ 18:30-23:30, kapag Linggo, Holiday, katapusan at simula ng taon/ 9:00-17:00 ☎029-254-9900

## ? Para sa anumang problema...

- Sa Ibaraki International Association, may tanggapan ng konsultasyon para sa mga dayuhan "Senter para sa konsultasyon/sanggunian ng mga dayuhan" ☎029-244-3811

Nilalaman ng Konsultasyon	Tinatanggap ang mga konsultasyon ukol sa batas, trabaho, Katayuan ng paninirahan, kasal, edukasyon, at iba pang mga konsultasyon ukol sa pamumuhay.			
Araw at Oras	Lunes - Biyernes 8:30-17:00 (Libre)			
Lunes (Mon)	Martes (Tues)	Miyerkules (Wed)	Huwebes (Thu)	Biyernes (Fri)
Ingles	Ingles Espanyol Koreano	Ingles Thai Intsik	Ingles Tagalog Portugal	Ingles Thai (8:30~17:00) Indonesya (13:30~17:00)
Portugal (8:30 - 12:00)				
Intsik (13:30 - 17:00)				

- Kung nais mag-aral ng wikang Hapon

Ginaganap ang klase ng wikang Hapon para sa mga dayuhan sa "Namegata Nihonggo Club".

☎0291-35-2186 (Ozawa)

Araw at Oras	Tuwing Biyernes 19:00-
Lugar	Namegata City Kitaura Community Center
Bayad	500 yen (bawat isang buwan)





# Mga pamamaraan sa Namegata City Hall



●Mangyaring makipag-ugnay lamang sa General Information Counter sa Asou office, Kitauroofficeat Tamatsukuri office.

Pangyayari	Mga notipikasyon	Dokumentong kinakailangan
Kapag nagpakasal	Notipikasyon ng pagpapakasal (konintodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Form ng Notipikasyon ng pagpapakasal</li> <li>●Sertipiko ng pagkakaroon ng pangangailangan sa pagpapakasal (inisyu sa embahada o konsulado)</li> <li>●Birth Certificate</li> <li>●Sertipiko ng pagiging single</li> <li>●Sertipiko ng nasyonalidad (Pasaporte)               <ul style="list-style-type: none"> <li>* Kailangang ang attached translation sa wikang Hapon bawat sertipiko</li> </ul> </li> <li>●Residence Card ●Inkan (tatak)</li> </ul>
Kapag nabuntis	Notipikasyon ng pagbubuntis (ninshintodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tanggapin ang</li> <li>◆Handbuk pangkalusugan ng ina at ng bata (Boshi Kenko Techo)</li> <li>◆Tiket para sa pagpapa-health check up ng buntis at sanggol</li> </ul>
Kapag nanganak	Notipikasyon ng panganganak (shusshotodoke) Medikal na welfare (marufuku) Child Allowance (jidoteate)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Birth Certificate</li> <li>●Handbuk pangkalusugan ng ina at ng bata (Boshi Kenko Techo)</li> <li>●Anuman Health Insurance Card</li> <li>●Anumang bagay na nagpapakita ng numero ng bank account ng pinuno ng sambayanan</li> <li>●Anuman ID na may larawan ng mukha tulad ng Residence Card</li> <li>●Sertipiko ng kinikita ●Inkan (tatak)</li> </ul>
Kapag namatay ang mismong tao ang pamilya	Notipikasyon ng pagkamatay (shibotodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Medikal na sertipiko ng pagkamatay</li> <li>●National Health Insurance Card at Booklet ng National Pension (Member lamang)</li> <li>●Anumang bagay na nagpapakita ng numero ng bank account ng pinuno ng sambayanan</li> <li>●Anuman ID na may larawan ng mukha tulad ng Residence Card</li> <li>●Inkan (tatak)</li> </ul>
Kapag nagdiborsyo	Notipikasyon ng pagdidiborsyo (rikontodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Notipikasyon ng pagdidiborsyo</li> <li>●Sertipiko ng nasyonalidad (pasaporte)</li> <li>●Sertipiko ng pagtanggap ng pagpapakasal (Sertipiko na nagpapatunay ang pagpapakasal)</li> <li>* Kailangang ang attached translation sa wikang Hapon bawat sertipiko</li> <li>Ang dokumentong kinakailangan ay depende sa uri ng pagdidiborsyo. Kaya't mangyaring makipag-ugnay lamang.</li> </ul>

Kapag lumipat sa city / pumasok sa bansa	Notipikasyon ng pagpasok sa city (tennyutodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Residence Card ●Pasaporte</li> <li>●Sertipiko ng paglabas (Inisyu ng munisipyo ng dating tirahan)</li> <li>●Inkan (tatak)</li> </ul>
Kapag binago ang adres sa loob ng city	Iba pang notipikasyon (subokraiken) National Health Insurance (kokuminkenkohoken) National Pension (kokuminnenkin) Suplay ng tubig (suido) Alkantariya (gesuido)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Booklet ng National Pension (Miyembro lamang)</li> </ul>
	Notipikasyon ng paglipat-bahay (tenkyotodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Residence Card</li> <li>●National Health Insurance card at Booklet ng National Pension (Miyembro lamang)</li> <li>●Inkan (tatak)</li> </ul>
Kapag lilipat sa labas ng city	Notipikasyon ng paglabas (tenshutsutodoke)	<ul style="list-style-type: none"> <li>●Residence Card</li> <li>●National Health Insurance card at Booklet ng National Pension (Miyembro lamang)</li> <li>●Inkan (tatak)</li> </ul>

\*Mangyaring makipag-ugnay muna sa embahada, konsulado para sa Mga format ng notipikasyon (pagpapakasal, pagdidiborsyo, panganganak, pagkamatay).

\*Siguraduhing i-attach sa mga sertipiko ng ibang bansa ang translation sa wikang Hapon kasama ang pangalan at adres ng tagapagsalin-wika.

## ●Mahalaga ang Inkan

Dito sa bansang Hapon, ang Inkan ay parang pirma. Ginagamit ito sa mga application form na isumite sa opisnang gobyerno at kailangan din ito kapag tanggapin ang mahalagang koreo. Para sa mga ganitong paggamit, ginagamit ang maliit na uring inkan na "Informal na Inkan (mitomein)". Kung makipagkontrata sa pagbili ng mahalagang bagay tulad ng bahay, lupa o kotse, kinakailangan ang "formal na inkan (jitsuin)" o "Sertipiko ng Inkan (inkanshomoisho)". Sa karaniwan, iparehistro sa pampublikong institusyon ang medyo malalaking inkan na mahirap peken (inkantourouku o pagpaparehistro ng inkan) at gamitin ito bilang "jitsuin". Kung nais iparehistro ang inkan, mangyaring dalhin ang iyong inkan at Residence Card sa General Information Counter na nasa malapit sa inyong lugar at kumonsulta lamang.

## ●Dapat mag-enroll sa Insurance

[National Insurance and Pension Division \(Tamatsukuri City Office\) / Tax Division \(Asou City Office\)](#)

Pinagtittibay sa Hapon ang "Sistemang Unibersal na Seguro ng Kalusugan", na nangangailangan ng pag-enroll sa anumang health insurance ng lahat ng mga tao. Kung hindi kayo nag-enroll sa health insurance sa inyong pinagtatrabahuhan o kung hindi kayo dependent ng pamilya, at kung nakatira kayo sa loob ng Namegata City, dapat mag-enroll kayo sa "Namegata City National Health Insurance" at kailangang magbayad ng insurance tax.

Kung hindi kayo mag-enroll sa anumang health insurance, ang bayad sa pagamutan ay dapat mong babayaran nang 100%.

Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa naaangkop na division.

•Para sa mga pag-enroll o sistema, makipag-ugnay sa [National Insurance and Pension Division \(kokuhoenkinka\)](#)

•Para sa mga katanungan tungkol sa halaga ng National Health InsuranceTax, makipag-ugnay sa [Tax Division \(zeimuka\)](#)

## ●Kailangang mag-enroll sa Caregiving Insurance kung naging 40 taong gulang

[Caregiving welfare Division \(Tamatsukuri City Office\)](#)

Dito sa bansang Hapon dapat mag-enroll sa Caregiving Insurance ang lahat na taong nasa edad

ng 40 taong gulang at mas matanda. Ang Caregiving Insurance ay isang sistema na makatanggap ng serbisyo ng caregiving kung kinakailangan.

Ang paraan ng pagbabayad ng premium at halagang babayaran ay depende sa iyong medical insurance o sa halaga ng iyong kinikita.

Para sa mga detalye, makipag-ugnay lamang sa [Caregiving Welfare Division \(kaigofukushika\)](#).

## ●Kailangang sumali sa National Pension Plan

[National Insurance and Pension Division \(Tamatsukuri City Office\)](#)

Kailangang sumali sa National Pension Plan at magbayad ng premium ng lahat ng mga naninirahan sa bansang Hapon na nasa edad ng 20 – 59 taong gulang/Makakatanggap ng itinakdang halaga kung kayo po ay matanda na, nagkaroon ng kapansanan, o namatay.

Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa National Insurance and [Pension Division \(kokuhoenkinka\)](#).

## ●Kailangang i-report ang kita ng nakaraang taon

[Tax Division \(Asou City Office\)](#)

Sa bansang Hapon, kailangang i-report ang halaga ng iyong kinita mula nang Enero hanggang Disyembre ng nakaraang taon. Batay sa kitang inireport, kalkulahin ang halaga ng Resident Tax, Premium ng National Health Insurance, National Pension atbp. Kahit wala kang kinikita, siguraduhing mag-file sa tax return, dahil maaring magkaroon ng pagbabawas ng buwis. Namegata City ay nagpapadala ng impormasyon ukol sa report sa mga Enero tuwing taon.

Para sa mga detalye, makipag-ugnay lamang sa [Tax Division \(zeimuka\)](#).

## ●Kung mayroon kayong light car, o scooter

Kailangang magbayad ng Light vehicle tax kung mayroon kayong light car atbp sa Una ng Abril bawat taon.

Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa [Tax Division \(zeimuka\)](#).

## ●Dapat siguradong bayaran ang Buwis

[Collection Measure Division \(Asou City Office\)](#)

Sa bansang Hapon, ang pagbabayad ng buwis ay pambansang obligasyon. Darating sa Iyo ang mga Payment slip ng Resident tax, Premium ng National Health Insurance, Light Vehicle Tax, Property Tax at iba pa, mula sa Tax Division. Kayat siguraduhing bayaran ito sa loob ng takdang panahon.

Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnay sa [Collection Measure Division \(shunotaisakuka\)](#).

## ●Kailangang mag-aplay kung gamitin ang tubig at alkantariya

[Water supply division \(tsumi water distribution station, Namegata City\) / Sewage division \(Tamatsukuri branch\)](#)

Upang gamitin ang tubig at alkantariya, kailangang mag-aplay sa General Information Counter. Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa naaangkop na division.

•Water Supply Division (suidoka) ☎: 0299-55-1108

•Sewer Division (gesuidoka) ☎: 0299-55-0111

## ●Ilabas ang basura sa itinakdang araw

[Environment Division \(Kitauro City Office\)](#)

Ang araw ng pangongolekta ng basura ay nakatakda. Depende sa uri ng basura, itinakda ang araw ng pangongolekta o paraan ng paghihiwalay. Kaya't mangyaring sumangguni lamang sa "Kalendaryo ng paghihiwalay ng basura".

Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa [Environment Division \(kankyoka\)](#).



# Tungkol sa pagpapalaki at pagpapalaga ng bata at paaralan



Ang mga dayuhan ay maaari ding tumanggap ng suporta sa pagpapalaki ng bata o edukasyon katulad ng mga Hapones kung nais nila.

## ● Kung nabuntis [Health Promotion Division \(Kitaura Health Center\)](#) ☎0291-34-6200

Ang pagkakaroon ng baby sa loob ng iyong katawan ay tinatawag na “pagbubuntis”. Kung sinabihan ka na nabuntis ka sa ospital, isumite ang “Notipikasyon ng pagbubuntis” sa City Hall at tanggapin ang “Handbuk pangkalusugan ng ina at ng bata (Boshi Kenko Techo)” Sa handbook na ito, i-record ang impormasyon ukol sa kalusugan ng ina habang buntis at paglaki ng bata hanggang pumasok sa elementary.

Bukod dito, ibigay sa iyo ang ticket para sa health check-up ng buntis at sanggol. Upang magkakaroon ng ligtas na panganganak, magpa-check-up lamang nang regular na bases. Ginaganap din ang maternity school sa Health Center.

Kung mayroon kayong anumang alala ukol sa pagpapalaga at pagpapalaki ng bata, makipag-ugnay lamang sa [Health Promotion Division \(kenkozoshinka\)](#).

## ● Mula ipinanganak hanggang pumasok sa elementary

Panahon ng hindi pa pumapasok sa paaralan	Edad	Bahay	Nursery School	Kindergarten	Bakuna	Health check-up
	0 taong gulang	↓	↓		<ul style="list-style-type: none"> <li>● Hib (2 buwan – bago mag 5 taong gulang)</li> <li>● Pneumococcus (2 buwan – bago mag 5 taong gulang)</li> <li>● BCG (3 buwan – bago mag 6 buwan)</li> <li>● Pinagsamang 4 na uri ng bakuna (3 buwan – bago mag 7 taong gulang at 6 buwan)</li> <li>● MR (Unang bakuna: 1 taong gulang – bago mag 2 taong gulang)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● Health Check-up para sa mga batang nasa 1 taong gulang at 6 na buwan</li> <li>● Dental Check-up para sa mga batang nasa 2 taong gulang</li> <li>◆ Iba pang mga konsultasyon ukol sa kalusugan</li> </ul>
	3 taong gulang	↓	↓	↓	<ul style="list-style-type: none"> <li>● Japanese Encephalitis Unang bakuna (3 taong gulang – bago mag 7 taong gulang at 6 buwan)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● Health Check-up para sa mga batang nasa 3 taong gulang</li> <li>◆ Iba pang mga konsultasyon ukol sa kalusugan</li> </ul>
	6 taong gulang	↓	↓	↓	<ul style="list-style-type: none"> <li>● MR (Ikalawang Bakuna: sa loob ng 1 taon bago pumasok sa elementary)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>◆ Iba pang mga konsultasyon ukol sa kalusugan</li> </ul>

\*Ang notipikasyon ukol sa bakuna at iba pa ay ipapadala sa iyo mula sa Health Promotion Division.

## ● Nursery School [Child Welfare Division \(Tamatsukuri City Office\)](#) \* Mula sa Una ng Abril sa 2014

- Nag-aalaga ng mga batang nasa 0 taong gulang – bago pumasok sa elementary.
- Maaaring gamitin ito kung mayroong sapat na dahilan na hindi maaaring mag-alaga ng magulang dahil sa trabaho, sakit atbp.
- Sa karaniwang araw maaaring magpa-alaga ng bata mula alas 7:00 – alas 18:00. Depende sa bawat nursery school ang sitwasyon ng pag-aalaga sa holidays o ekstensyon ng oras ng pag-aalaga.
- Ang halaga para sa pagpapalaga ng bata ay depende sa edad ng batang pumapasok sa nursery school at halaga ng kinikita ng ama at ina.
- Para sa mga detalye, makipag-ugnay lamang sa [Child Welfare Division \(kodomofukushika\)](#) sa City Hall.

## ● Kindergarten [School Education Division \(Kitaura City Office\)](#)

- Nag-aalaga ng batang nasa edad ng 5 taong gulang – bago pumasok sa elementary.
- Aralin ng mga bata ang pangunahing kaugalian sa pamumuhay o pakikisama sa mga kaibigang sa pamamagitan ng pamumuhay sa loob ng grupo.
- Ang oras ng pagpasok sa kindergarten ay mula 8:30 hanggang 9:00, at ang oras ng pag-uwi ay mula 14:30 hanggang 15:00 (depende sa kindergarten, maaaring maiba ng kaunti).
- Kailangang magbayad ng entrance fee, tuition at iba pa. Ang halaga ng bayad ay maaaring maiba depende sa kinikita ng sambahayan (may pagbabawas).
- Mayroong school lunch (kyushoku) bilang tanghalian. Kailangang magbayad para sa school lunch at ang halaga

nito ay mga 4000 yen sa isang buwan.

- Walang pasok kapag Sabado, Linggo, Holidays, simula at katapusan ng taon. Mayroon din ang bakasyon sa spring, summer, at winter.
- Bukod sa pampublikong kindergarten, mayroon ding pribadong kindergarten.
- Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa [School Education Division \(gakkoyoikuka\)](#).

## ● Panahon ng edukasyon sa bansang Hapon

Sa bansang Hapon, mayroong obligasyon sa mga magulang na dapat magpa-aral sa kaniyang anak habang panahon na 9 na taong sapilitan na edukasyon. Ang panahon na ito ay nagsisimula mula sa taon (school year) na ang bata ay maging 7 taong gulang (magsimula mula sa simula ng Unang school year matapos ang susunod na araw ng kapanganakan na naging 6 na taon) hanggang sa taon (school year) na ang bata ay maging 15 taong gulang (katapusan ng school year kung kailang, naging 15 taong gulang ang bata) Ang edukasyon ay isagawa sa loob ng elementary, junior high school o special support school, at ang matrikula ay libre lamang. Kung humiling, maaari ding mag-aral ng mga dayuhan sa loob ng panahong ito, at libre din ang matrikula (kailangang bayaran ang school lunch fee at panggastos sa school supply).

Panahon ng sapilitan na edukasyon	Paaralan			Mga grupong nauugnay matapos pumasok sa paaralan
	Edad	Elementary	Junior high school	
7 taong gulang	↓			<ul style="list-style-type: none"> <li>● PTA</li> <li>● Ikuseikai (grupo para sa mga magulang)</li> <li>● Kodomokai (grupo para sa mga bata)</li> </ul>
12 taong gulang	↓		↓	
15 taong gulang		↓		

## ● Elementary o junior high school [School Education Division \(Kitaura City Office\)](#)

- Kung ang bata ay nasa edad ng pagpasok sa elementary o junior high school at nais mag-enroll sa paaralan, magsumite ang magulang ng “Shugaku Kibou Shinsei-sho (application form para sa pagpasok sa paaralan)” at maghintay sa pagdating ng “Shugaku Kyoka Sho (Pahintulot sa pagpasok sa paaralan)”. Pagkatapos ng pagtanggap nito, isagawa ang proseso na sumunod sa itinakdang pamamaraan at kumpletuhin ang aplikasyon.
- Ang oras ng pagpasok sa paaralan ay hanggang 8:00 (depende sa paaralan maaaring maiba ng kaunti). Ang oras ng pag-uwi ay depende sa araw at grado ng mag-aaral.
- Kailangang magbayad para sa school lunch at ang halaga nito ay mga 4000 yen sa isang buwan.
- Walang pasok kapag Sabado, Linggo, Holidays, simula at katapusan ng taon. Mayroon din ang bakasyon sa spring, summer, at winter.
- Ang panahon na mula Enero – Disyembre ay tinatawag na “Nen (year)” at ang panahon na mula Abril – Marso ng susunod na taon ay tinatawag na “Nendo (school year)”, at sa paaralan, ginagamit itong “Nendo (school year)” para bilangin ang taon.
- Kapag naging mahirap pumasok ang mag-aaral sa paaralan dahil sa economic na sitwasyon ng kaniyang pamilya, mayroon ding sistema na balikatin ng City ang ilang bahagi ng gastosin sa paaralan.
- Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa [School Education Division \(gakkoyoikuka\)](#).

## ● Tungkol sa After school Student Club [Child Welfare Division \(Tamatsukuri City Office\)](#) \* Mula sa Una ng Abril, 2014

- Kung hindi makapag-alaga ang magulang sa bata ng sapat pagkatapos ng school dahil sa trabaho, sakit, caregiving, at iba pang mga kadahilanan, mag-alaga ng mag-aaral sa halip ng magulang gamit ang mga elementary school sa loob ng city at iba pa.
- Ang oras ng pag-aalaga ng bata ay mula sa oras ng pag-uwi – sa 6:30 ng hapon mula Lunes – Biyernes, at 8:00 ng Umaga – 6:30 ng hapon kapag Sabado.
- Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa [Child Welfare Division \(kodomofukushika\)](#).

## ● Suportahan namin ang mga taong nagpapalaki ng bata

[Health Promotion Division \(Kitaura Health Center\)](#) / [Child Welfare Division \(Tamatsukuri City Hall Office\)](#)

Kung mayroon kayong anumang alalahanin, makipag-ugnay sa sumusunod na tanggapan.

Nilalaman	Pangunahing proyekto	Tanggapan ng kaugnayan
Pag-unlad at paglago ng mga bata	Hello Baby Consultation / Klase ng paglulutong baby food atbp	Health Promotion Division (kenkozoshinka)
Nagbibigay ng okasyon para mag-enjoy ang bata at magulang habang magkasama	Klase para sa magulang at anak / Klase ng SU-Tomic atbp	Child Welfare Division (kodomofukushika)



## Mga Moral sa bansang Hapon

- mga tala sa araw-araw na pamumuhay -

- **Mag-ingat para hindi maging maingay**
  - Huwag maingay o i-play ang musika ng malakas sa gabi.
- **Sumunod sa panuntunan sa paglabas ng basura**
  - Ilabas ang basura sa takdang araw sa takdang lugar.
  - Kailangang mag-hiwalay ng basura bawat nasusunog na basura, basurang hindi nasusunog, nakakapinsalang basura, at nairirisaykel na basura.
  - Ilabas ang basura gamit ang supot na itinakda ng Namegata City (kailangang bilhin ito).
  - Ang mga air-conditioner, TV, Refrigerator, washing machine ay dapat ipakolekta sa contractor.  
Kailangang bayaran ang Recycling fee.
- **Sumunod sa panuntunan ng trapiko kapag sumakay sa bisikleta**
  - Bawal sumakay ang dalawang tao sa isang bisikleta.
  - Katulad sa kotse bawal sumakay sa bisikleta kung uminom ka ng alak.
  - Sa karaniwan, kung sumakay sa bisikleta, tumakbo sa daanan ng kotse.
- **Iba pang mga kaugalian**
  - Huwag magtapon ng sigarilyo malibang sa ash tray.
  - Bawal itapon ang chewing gum o laway / dura sa daanan.
  - Bawal lumabas na nakahubad.
  - Maghubad sa paliguan, at isuot ng swimsuit sa pool.
  - Hugasan mabuti ang iyong katawan bago pumasok sa Bathtab.
  - Ang slippers na inilalagay sa CR ay magagamit lamang sa CR.
  - Hubarin ang sapatos sa pasukan ng bahay.





**1 Hobikisen (barkong may layag)**

Ang paraan ng pangngisda gamit ito ay natuloy habang 50 taon at binaba na ang layag nito nang mga 1975-1980. Sa ngayon tumatambo ang barkong ito para sa mga turista kapag Sabado, Linggo, at holiday mula Setyembre hanggang Nobiyembre.



**2 Nasa tabi ng Kasumigaura Fureai Land**

Ang Niiji-no-tou (tore ng rainbow), na nakatayo sa pasukan ng Kasumigaura Ohashi bridge, ay isang simbolo ng Kasumigaura, na nakikita kahit mula sa malayo. Bukod dito, mayroon din ang Shinsui Koen (water park) at Mizu no Kagakukan (Museo ng siyensya ukol sa tubig).



**3 Namegata shi Kanko Bussan-kan Koikoi**

(Sentro ng turismo at suberb ng Namegata city Koikoi) Nasa tabi ng Kasumigaura Fureai Land. Ibinibenta ang mga gulay at mga produkto na ginawa sa siyudad. Kasama nito ay isinasagawa din ang mga aktibidad ng PR para sa mga turista.



**4 Takasuzaki Park**

Sa loob ng halos 4.2ha na lugar nito, mayroon parke ng damuhan, espasyo ng liway ng araw galing sa pagitan ng mga dahon ng puno, espasyo para sa iba't ibang gawain, saklatan para sa karahasan ng pagpapalaki, exchange center, bundok ng seresa, iskina ng haydangaya at iba pa. Nakikita niyo ang iba't ibang uri ng puno at mga ramumulak na bulaklak na nasa panahon.



**5 Tennozaki Park**

Ang Tennozaki park ay napapaligiran ng Kasumigaura at isang view-point ito para makita ang magandang tanawin ng buong lakefront sa isang tingin. Lalo na ang tanawin ng bundok ng Tsukuba at Kasumigaura sa mga oras ng sunset ay parang nakikita mo ang isang pagpipinta.



**6 Aso Onsen Shirahonoyu Koterasu**

Ihahatid sa iyo ang nakakarela sa oras kasama ang panorama ng Kasumigaura.



**7 Haguoyama Park (Aso Castle Ruins)**

Ang Haguoyama Park ay Ruins ng Castle ng Aso clan, kung sinong nakapangyari sa lugar na ito habang 400 na taon nang medyebal na panahon. Hindi na natitira ang mga gusali na itimay noon, ngunit ipaisip sa iyo ng tanggulang gawa sa lupa o bakas ng moat ang lumang panahon.




**8 Ibaraki Prefectural Shirahama Youth Nature House**

(Prefektura na Sentro ng kalikasan para sa mga kabataan sa Shirahama) Ilong Sentro ng Kalikasan ay nasa mataas na lugar na nakikita ang Kitaura sa ibaba. Ito ay isang accommodation kung saan maaari kang mag-enjoy ng kalikasan sa pamamagitan ng pagkalkampo, mga outdoor obstacle course, orienteering, at iba pa.



**9 Kitaura Onsen Kitaura-sou**

Nasa tabi ng Kitaura lake at nasa pasukan ng Rokko Ohashi bridge. Nakikita mo ang iba't ibang itsura ng Kitaura bawat apat na panahon.



## Listahan ng tanggapan ng mga katanungan

	Pangalan	Adres	Telepono	Nota
Emergency	Namegata Police Station	Asou 1723	0299-72-0110	Emergency Call: 110
	Namegata Fire Station	Obata1101-38	0291-35-0119	Emergency Call: 119
Mga City Hall at kaugnay nito	Namegata City Hall (Asou Office)	Asou 1561-9	0299-72-0811	General Information Office/ Tax Division/ Collection Measure Division/ Accounting Division/ General Affairs Division/ Financial Affairs Division/ Secretariat Division/ Policy and Project Division
	Namegata City Hall (Kitaura Office)	Yamada 2564-10	0291-35-2111	General Information Office/ School Education Division/ Environment Division/ Commerce, Industry and tourism division/ Agriculture, Forestry and Fishery Division/ Board of Agriculture/ Sports Promotion Division(sa loob ng Kitaura gymnasium)
	Namegata City Hall (Tamatsukuri Office)	Tamatsukuri Kou 404	0299-55-0111	General Information Division/ National Insurance and Pension Division/ Social Welfare Division/ Child Welfare Division (mula sa April 1,2014)/ Caregiving Welfare Division/ Urban Construction DivisionSewer Division/ Water Supply Division (Izumi Water Distribution Station)
	Kitaura Health Center	Yamada 3282-10	0291-34-6200	Health Promotion Division Mga bakuna, konsultasyon ukol sa kalusugan atbp
	Asou Community Center	Asou 1221	0299-72-1573	Magsagawa ng iba' t ibang kurso
	Kitaura Community Center	Yamada 2175	0291-35-3777	Lifelong learning Division Magsagawa ng iba' t ibang kurso
	Tamatsukuri Community Center	Tamatsukuri Otsu 1179	0299-55-0171	Magsagawa ng iba' t ibang kurso
	Silid-aklatan	Tamatsukuri Otsu 1175	0299-55-1495	
	Kankyo Bika Center (Environment Beautification Center)	Asou 3268-14	0299-72-2413	Pangongolekta at pagtanggap ng basura
	Kindergarten	Asou Kindergarten	Asou 1147-1	0299-72-0530
Kitaura Kindergarten		Yamada 1281	0291-35-2038	
Tamatsukuri Kindergarten		Tamatsukuri Kou 4175	0299-55-0281	
Nursery school	Asou Nursery School	Asou 3323-10	0299-72-0522	
	Ryushoji Nursery School	Negoya 99	0299-73-3101	
	Kodomo no ie Sumire no sono	Asou 615-4	0299-77-1766	
	Kitaura Nursery School	Nakane 309-1	0291-35-3141	
	Qualified Kodomo-en Nozomi Nursery School	Yamada 3418-4	0291-35-2550	
	Tamatsukuri Daiichi Nursery school	Tamatsukuri Otsu 1027-1	0299-55-3631	
	Tamatsukuri Daini Nursery School	Sairenji 481	0299-56-0710	
Elementary	Tamatsukuri Daisan Nursery School	Serizawa 1652-5	0299-55-1224	
	Asou Elementary	Asou 1147-1	0299-72-0049	
	Asou Higashi Elementary	Kurakawa 549	0299-80-7701	
	Tsuzumi Elementary	Hanjo 212	0291-35-2869	} * Mayroong iskedyul ng pagsasamahin sa 2016
	Kaname Elementary	Obata 940	0291-35-2773	
Takeda Elementary	Uchijuku 1598	0291-35-2571		
Tamatsukuri Elementary	Tamatsukuri Kou 3200	0299-56-4040	*Pagsasamahin sa 2014	
Junior high school	Asou Junior high school	Minami 327-3	0299-80-8070	
	Kitaura Junior high school	Uchijuku 390	0291-35-2161	
	Tamatsukuri Junior high school	Tamatsukuri Kou 2807	0299-55-0131	
	Tamatsukuri Junior high school	Narita 895	0291-35-2131	

## Mga listahan ng medikal na institusyon

	Pangalan	Adres	Telepono	Nota
Mga pagamutan	Namegata District General Hospital	Inoue Fuji 98-8	0299-56-0600	
	Asakura Clinic	Asou 1110-1	0299-72-0036	
	Onuma Clinic	Asou 1105-2	0299-72-0388	
	Kenmochi Surgery Clinic	Asou 1555-4	0299-72-0805	
	Hanyu Clinic	Asou 1118	0299-72-0300	
	Tsubasa Clinic	Shimanami 1511	0299-72-2830	
	Asou Clinic	Igai 353-24	0299-80-8005	
	Kitaura Clinic	Yamada 1146-7	0291-35-2500	
	Kanatsuka Clinic	Tega 3125	0299-55-0556	
	Sou Medical Clinic	Tamatsukuri Kou 510-3	0299-36-2611	
Mga dentist	Nemoto Dermatology Clinic	Tamatsukuri Kou 414-3	0299-55-0538	
	Hanawa Clinic	Tamatsukuri Kou 5985	0299-55-4100	
	Yamaguchi Dental Clinic	Kurakawa 433	0299-73-2241	
	Araida Dental Clinic	Asou 75	0299-72-0211	
	Hirooka Dental Clinic	Asou 1122	0299-72-0128	
	Isaka Dental Clinic	Tamatsukuri Kou 4466	0299-55-4182	
	Housui Dental Clinic	Tega 1263	0299-55-0572	
	Miyamoto Dental Clinic	Tamatsukuri Kou 4473	0299-55-0537	
	Takano Dental Clinic	Tamatsukuri Kou 6866-2	0299-55-2911	
	Midorigaoka Dental Clinic	Tamatsukuri Kou 6534-10	0299-55-3135	
Chigasaki Dental Clinic	Obata 612-1	0291-35-1727		
Taiyou Namegata Dental Clinic	Shiroku 1265	0299-73-0016		

\*Mangyaring makipag-ugnay lamang bago magpatingin.

### Sumakay sa Share Taxi para maging mas madali ang iyong pasyal.

Ang Namegata City ay nagpapatakbo ng Share Taxi "Namegata Fureai-go". Ang lugar ng serbisyo ay limitado lamang sa loob lamang ng Namegata City. Ngunit maaaring sunduin at ihatid kayo kung saan man ang gusto ninyo sa loob ng city sa oras na gusto ninyo. Ang bayad ng Taxi na ito ay 500 yen lamang sa isang sakay, kaya't gamitin lamang. Samantala, tandaan lamang na kailangang ang simpleng pagrerehistro bago gamitin itong serbisyo. Para sa mga detalye, makipag-ugnay sa Namegata City Social Welfare Council (shakaifukushikyogikai). [Araw ng pagtakbo] Lunes - Biyernes (Hindi tumatakbo kapag Sabado, Linggo, holiday, at katapusan at simula ng taon (12/29 - 1/3)) [Bayad sa paggamit] 500 yen sa isang beses (mga mag-aaral ng junior high school at mas matanda) [Para sa katanungan] Namegata City Social Welfare Council ☎0299-36-2020

Sa Namegata City, mayroong mga grupo na tinatawag na "Gyosei-ku (administratibong distrito)" at isinasagawa ang paglilinis ng distrito o aktibidad ng pakikipagtulungan bawat grupo. Kung sumali sa grupong ito, ibinabahagi sa inyo ang Balita ng City mula sa tao na sa inyong komunidad. Kung nais ninyo sumali, mangyaring makipag-ugnay sa lider ng iyong distrito o district welfare commissioner.. [Katanungan] General Affairs Division(Asou Office)

# Wastong pagtatapon ng basura galing sa bahay

Maghiwalay at magdala sa itinakdang tapunan (Panatilihin ang kalinisan sa tapunan)

## Mga basurang sinusunog



Basura galing sa kusina


Ilagay sa itinakdang supot kung itapon.



Disposable diaper (Tanggaling ang dumi bago itapon)



Disposable lighter



Mga Plastik



mga tray ng pagkain

Tuwing  
Distrito ng Asou  
**Lunes, Huwebes**  
Distrito ng Tamatsukuri  
**Martes, Biyernes**  
Distrito ng Kitaura  
**Miyerkules, Sabado**

## Basurang hindi sinusunog




Ilagay sa container na kulay pula o dilaw.

- Huwag ilagay ang mga basura na maaaring i-recycle tulad ng lata, bote, at pet bottle.
- Ang mga basurang hindi kasya sa container ay direktang dalhin lamang sa Bika Center (Beautification Center) o ipakolekta lamang sa bawat tahanan bilang malalaking basura (sodai gomi).



Mga Kaldero, takure, baso, mga bagay na babasagin atbp

Paso ng halaman



Electric pod, mga electric na appliance na maliit, atbp

Takip (cap)/ Crown na gawa sa bakal



Mga bote at lata na Hindi para sa inumin



Tuwing Una at Ikatlong Distrito ng Asou  
**Huwebes**  
Distrito ng Tamatsukuri  
**Biyernes**  
Distrito ng Kitaura  
**Miyerkules**


## Delikadong basura



Ilagay sa itinakdang supot kung itapon.



Baterya



Fluorescent



Thermometer



Salamin

\* Ang mga fluorescent tube na hindi kasya sa supot ay direktang dalhin sa Bika Center (Beautification Center) o ipakolekta sa bawat tahanan bilang malalaking basura (sodai gomi).

Tuwing Una at Ikatlong Distrito ng Asou  
**Huwebes**  
Distrito ng Tamatsukuri  
**Biyernes**  
Distrito ng Kitaura  
**Miyerkules**

## Basurang maaaring i-recycle



- Ilagay sa container na kulay asul.
- Huwag ilagay ang mga bagay na bukod sa lata, bote at pet bottle.
- Kahit malaki man o maliit, itapon ang lata o bote ng oil bilang basurang hindi sinusunog.




Pet bottle

Mga bottle na may markang ito lamang.

PET

Takip na gawa sa bakal  
→Sa basurang hindi sinusunog  
Takip na gawa sa plastik  
→Sa basurang sinusunog



Bote



Lata na gawa sa Aluminum at Steel (lalagyan ng inumin lamang)

- Siguraduhing tanggalin ang takip ng pet bottle at mga bote.
- Dalhin ang mga bote ng beer atbp sa tindahan o recycle group.

Tuwing Distrito ng Asou  
**Lunes, Huwebes**  
(Maliban sa una at ikatlong Huwebes)  
Distrito ng Tamatsukuri  
**Martes, Biyernes**  
(Maliban sa una at ikatlong Biyernes)  
Distrito ng Kitaura  
**Miyerkules, Sabado**  
(Maliban sa una at ikatlong Miyerkules)

## Basurang maaaring i-recycle na gawa sa papel


- Dalhin sa itinakdang lugar ng Namegata city o direktang dalhin sa BIKA Center



Dyaryo, flyer, magasin



Karton ng gatas



Karton

Oras ng pagbubukas ng stock yard  
8:00 - 17:00

Tuwing Distrito ng Asou  
Distrito ng Tamatsukuri  
Distrito ng Kitaura  
**Miyerkules, Sabado**

## Malalaking basura



Hindi maaaring ipaproseso sa Bika Center (Beautification Center) ang mga 5 item na nasasakop sa Home Appliances Recycling Law.



Malalaking kasangkapan

Malalaking electric na appliance

- ★ Itapon sa itinakdang lugar ng tapunan.
- ★ Ilabas ang basura **hanggang sa 8:00** ng umaga sa itinakdang araw.
- ★ Hindi maaaring kolektahin ang mga basura kung hindi inilagay sa itinakdang supot o container.
- ★ Mga basurang mahirap hawakan tulad ng mga basura galing sa industriya, basura na may kaugnay sa business, 5 uring produkto na naaangkop sa Home Appliance Recycling Act, PC pambahay, kagamitan sa pagsasaka, painting at coating, mga lalagyan ng bagay na lubhang nakakalason (tulad ng pestisidyo) ay hindi maaaring kolektahin.

Hinihingi namn ang iyong pagtulong sa pagbabawas at pag-recycle ng basural

Direktang dalhin sa Bika Center o mag-aplay sa pangngolekta (bawat tahanan (may bayad).